
PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 15 JUNE 7 - 13, 2021 10.00








# Medalya and Commendation awarding ceremony, isinagawa sa Imus, Cavite

**Sa pangunguna ni Provincial Director Col. Marlon R. Santos, naisagawa ang Medalya and Commendation sa siyam na Philippine National Police (PNP) Personnel ng Cavite Police Provincial Office, nitong Lunes, Hunyo 7, sa Camp General Pantaleon Garcia, Imus, Cavite.**

Nailunsad ang naturang awarding ceremony kasabay ng naging Flag Raising Ceremony ngayong Lunes na dinaluhan ng ilang indibidwal mula sa ahensiya.

Kinilala ang mga tumaggap ng award ng Medalya ng Kagalingan na sina PMAJ Joseph Cruz Carlit, PSSG Jude John Roble Bordeos.

Tumanggap naman ng Medalya ng Papuri sina PLTCOL Franco Allex Mendez Reglos, PSSG Philip Amer Lucero Amistoso, PCPL Harold Mojica Angcao, PCPL Jayson Tulio Fulgencio.



## BAGONG SET NG YES COOP OFFICERS PARA SA 2021-2022, NAG-OATH TAKING NA




Pinangunahan ni Mayor Emmanuel Maliksi ang panunumpa ng mga panibagong officers ng Young Entrepreneurs Service Cooperative (YES Coop) na pinamumunuan ng kanilang Chairperson na si Dulce Bustamante.

Nagsisilbing komunidad para sa malaya at matalinong talakayan ang YES Coop ng mga ideya kung papaano maseserbisyuhan ng mga batang entrepreneurs ang mga Imuseño ngayong pandemya at sa mga susunod na panahon.



CONG. BOY BLUE ABAYA





Nais kong ibahagi sa inyo itong mga kuhang larawan namin nitong nakaraan nang tayo ay namigay ng relief packs sa mga kababayan natin sa Brgy. Manggahan, Kawit. Tunay na nakakapagod dahil sa init ng panahon ngunit umuwi naman tayong masaya dahil ating nakita at nakumusta ang ating mga ka-distrito. Maraming salamat po sa inyong pagtitiyaga at kooperasyon. Nawa'y nakatulong ang aming munting handog sa inyo. Asahan ninyo na ating pagtutulung-tulungan itong pagsubok na dala ng pandemya hanggang sa atin itong malampasan.

Nais ko rin pasalamatan ang Team Abaya, mula sa butihin nating Vice Mayor Arman Bernal, kay Konsi Jygs Gandia, Konsi Medel Caimol, Konsi Simon Victa, Konsi Dado Del Rosario, Konsi Derick Bote Bautista, Konsi Allan Ilano, at Kap Abang Ordoñez.

Maraming salamat at ingat tayong lahat, mga ka-distrito!

# 'Plastik mo, gawing bigas' project inilunsad sa Bailen



Ibinahagi ni Mayor Nelia Bencito Angeles sa social media, ang proyektong 'Plastik mo, Gawing Bigas' sa bayan ng General Emilio Aguinaldo (Bailen).

Ang naturang proyekto ay pinangunahan ng MENRO sa kanilang bayan na naglalayong makatulong sa kalinisan ng bayan at makapagbigay tulong sa mga mamamayan.

"Nagpapasalamat po ako sa MENRO sa pangunguna ni Ms. Leah Jean Andag para sa pagpapatuloy ng proyektong ito na hindi lamang nakatutulong sa ating mga kababayan kundi sa ating kapaligiran," ani Angeles.

"Kaya sa halip na ating itapon kung saan-saan ang mga basura gaya ng plastik, ito'y ating ipunin at maaari nating ipalit sa bigas."

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Social media post ng mga nagpabakuna nakakatulong?

KAPANSIN-PANSIN ang gawi ng ilang mga Pilipinong nagpabakuna laban sa coronavirus disease 2019 na litratuhan ang kanilang sarili habang tinuturukan ng bakuna at kinalaunan ay ipoposte nila ang kanilang litratong ito sa social media lalo na sa Facebook. Kitang-kita pa ang maliit na bulak na nakatapal sa bahagi ng kanilang braso na ininiksiyunan. Meron pa nga sa kanila na binabanggit sa kanilang post kung anong bakuna ang kanilang tinanggap kung Sinovac ba o Astrazeneca halimbawa.

Sa naturang mga poste, siyempre, may mga like at comment na binabati ang mga nagpabakuna dahil hindi na sila tatablan ng COVID-19 at mapapawi ang pangamba ng kanilang mga kaanak at kakilala at kaibigan hinggil sa kanilang kalusugan. Meron ding mga overseas Filipino worker at mga Pilipinong permanente nang naninirahan sa ibang bansa ang nagpoposte sa Facebook ng kanilang litrato habang binabakunahan sila.

Maaaring, dahil nakasanayan na nang marami sa atin na litratuhan ang sarili o mag-selfie sa anumang ginagawa nila, hindi kataka-takang litratuhan din nila ang kanilang sarili habang nagpapabakuna. Parang trending kasi. Nauuso. Puwedeng katuwaan. Pero, sa kabilang dako, maaaring intensiyon din nilang makahikayat sa ibang mga tao lalo na sa kanilang mga kaanak o kaibigan na magpaturok din laban sa COVID-19.

Masasabi ring nakakatulong din ang mga posteng ito sa programa ng pamahalaan sa bakuna para mahimok ang mas marami pang mga Pilipino na magpaturok. Tinatarget pa naman ng pamahalaan na maturukan ang 50 hanggang 70 milyong Pilipino para maabot ang tinatawag na herd immunity para makabalik na tayo sa dating normal na buhay. Dapat din siguro pasalamatan ng pamahalaan ang mga netizen sa pagpoposte ng litrato ng kanilang pagpapabakuna dahil kahit paano marahil ay nakakatulong ito para makumbinsi ang iba pang mga Pilipino na magpabakuna.

Sa isa ngang survey ng Social Weather Station na lumabas noong nakaraang buwan, lumitaw na 32 porsiyento lang ng adult Filipinos ang gustong magpabakuna laban sa COVID-19 samantalang 33 porsiyento naman ng adult Filipinos ang tumatangging magpabakuna.

Gayunman, napaulat na, bago natapos ang nakaraang buwan ng Mayo, umabot na sa 1,189,353 Pilipino ang nabakunahan bagaman sobrang layo pa nito sa target na 50 hanggang 70 milyon. Nagsimula noong Marso ng taon ding ito ang programa sa bakuna.

Kulang pa rin kasi sa suplay ng bakuna na nakakapagpabagal sa programa bukod pa sa maram pa ring mga Pilipino ang atubiling magpabakuna sa iba't-ibang kadahilanan na isa na rito ay ang side effect ng bakuna. Lumitaw na nga sa ilang survey ang pagtanggi o pag-aagam-agam ng marami nating kababayan dito. Meron pang survey na nagpapakita na mas maraming Pilipino ang mas pabor sa mga bakuna na galing sa United States, England, o Germany o sa Russia kaysa mga gawa ng China. Pero, batay na nga sa sinasabi ng mga health expert, ang bakuna ang isa sa mahalaga at epektibong paraan para mapigilan ang pandemya na mahigit isang taon nang gumulo sa ating pamumuhay.

Kaya, hindi man namamalayan ng mga nagpabakuna sa kanilang pagse-'selfie', maaaring may positibo itong epekto sa pagkumbinsi sa iba pang mga Pilipino na magpabakuna na rin.

## EDITORIAL

### - Mahalaga ang face shield

HINDI pa dapat alisin ang pagusuot ng face shield. Masyado pang maaga para alisin sapagkat marami pa ang nagkakahawahan. Patuloy ang pagdami ng kaso ng COVID-19 at kung hindi na ire-require ang pagsusuot ng face shield, baka lalo pang tumaas. Huwag munang alisin ang face shield.

Malaki ang tulong ng face shield para maharang ang droplets na may virus. Ito ang unang depensa ng indibidwal para hindi makapasok ang virus sa katawan. Dahil din sa face shield, kaya naiiwasang hawakan o hipuin ang ilong, bibig at mata. Malaking tulong ang face shield.

Pero sabi ni Manila mayor Isko Moreno, dapat nang ipatigil ang pagsusuot ng face shield sa mamamayan at sa ospital na lamang gamitin. Huwag na raw i-require gamitin upang makabawas sa gastusin at intindihin ng taumbayan. "Tayo na lang yata sa buong mundo ang nagre-require ng face shield sa kalsada. Dapat pag-isipan uli ito," sabi ni Moreno.

Mariin namang tinutulan ng Department of Health (DOH) at Department of Interior and Local Government (DILG) ang panukala ni Moreno na huwag nang mag-face shield ang mga tao sa publikong lugar. Sabi ng DOH, hindi pa napapanahon na tanggalin ang polisiya sa paggamit ng face shields sapagkat mababa pa ang bilang ng mga nababakunahan. Ayon pa sa DOH, ang paggamit ng face shields ay suportado ng siyensiya at mabisang pananggalang sa virus lalo kung tatambalan ng face masks.

Sabi naman ng DILG, hindi pa dapat tanggalin ang face shield dahil hindi pa naaabot ng bansa ang herd immunity. Kailangang mabakunahan ang 50 mil-yon ng populasyon bago maabot ang herd immunity. Sa kasalukuyan, marami pa ang hindi nababakunahan dahil na rin sa kakulangan ng bakuna.

Ituloy ang pagsusuot ng face shields at ganundin naman, paigtingin pa ang pag-iingat para makaiwas sa virus. Umiwas sa mga kumpul-kumpol na tao dahil dito nagsisimula ang paghahawahan. Sumunod sa health protocol. Pabilisin naman ang pagbabakuna. Kung nabakunahan na ang karamihan, puwede nang huwag mag-face shields. Sa kasalukuyan, marami na ang gustong magpabakuna. Ang problema lang, kapos pa ang mga bakuna.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

## Sakripisyo ng buong bansa laban sa COVID-19

Top priority ng gobyerno ang kaligtasan ng mamamayan. Sa deklarasyon ng enhance quarantine sa Luzon ay hindi masamang gawin dahil sa hindi naging epektibo sa ginagawang community quarantine.

Bagama't maraming reklamo at hindi maiiwasan na magkakaroon ng problema dahil sa strict home quarantine, tiyak ay walang mangangahas na lalabas at papasok sa iba't ibang lugar ng bansa. Mas mabilis naman na mapipigilan ang paglaganap ng coronavirus. Upang hindi rin mahawa at magkasakit pa ang maraming tao.

Ang totoo ay late na tayo kaya nga totoong lockdown kaya nga lumaki ang bilang ng mga pasyente. Kung lockdown ay magkakaroon ng solusyon na masisigurado na kokonti ang magkakasakit at mapipigilan ang virus. Sa mga nag-aalala na hindi kikita, ano ang kakainin, paano na ang mga bayarin, at marami pang isyu. Pero ang mahalaga ay kailangang magsakripisyo ang buong bansa. Anoman ang mga concerns natin ay tiyak na bibigyan din ng solusyon ng ating gobyerno.

Lahat ay apektado mayaman, mahirap, negosyante, at lahat ng mga tao. Konting sakripisyo muna ang kailangang gawin. Kaysa magsisisi tayong lahat na hindi na natin mapigilan ang mabilis ng pagkalat ng virus. Hihintayin pa ba natin na magkaroon ng maraming tao na mamatay gaya sa Italy at China.

Wala nang mas mabuti kundi ang lahat ng miyembro ng pamilya ay nasa loob ng lang ng tahanan ngayong mga panahon. Ngayon pa lamang ay dapat makita na ng gobyerno ang worse na puwedeng mangyari.

Pagkakataon din mga indibidwal at pamilya na manalangin nang taimtim na maawa sa atin ang Panginoon sa masaklap na kapalaran ng mga tao sa buong mundo. Kailangang matutong magpakumbaba na magbalik loob sa Diyos ngayon nasa lugmok ang kalagayan ng mga indibidwal.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Increasing ang income dahil regular ang support mosaiyong team. Magigingmasayaang journey ngiyong love life kungmagkakasundo kayo ng partner mo. Posibleangusa-ping kasalbagomataposangtaon. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 55, 11 at grape violet.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Ang lesson namatututuhanangmakakapagsalbakahitsasarilingpangangailangan. Magtipidka. Lucky numbers at color for the day ay, 53, 46, 29, 13, 31 at sky blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Ang meditation ay makakatulongparamakitaangimportansiyangpagkalma. Magingmahinahonka. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 51, 11 at satin white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Magkakaroonkanang time paramapagtuunanangmatagalnanggustonggawin. Time to bake. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 59, 12, 22 at moss green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Patuloyang collection ngmga decorative plants. Ngayonmomaiintindihanangiyonginasakanyanghilig. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 29, 55, 11 at magenta red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Angiyong business ideas ay naaayonsausongayon. Maaakitangmaraming customer. Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 13, 31 at tangerine.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Piliinangmgasalitanagugustuhinmo ring marinigmulasaiba. Gawinangmabuti at tama. Lucky numbers at color for the day ang 43, 21, 39, 55, 11 at carnation pink.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Cooperative angiyongkasamadahilapprecia-temosila. Angmagandang business deals ay maaakit mo. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 59, 22, 11 at mango orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Naglalandasangoportunidadnamatagalnanghinihintay. Gawinanglahatng may katapatan. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 52, 12 at honey yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Lilitawang extra ordinary namgakaranasan. Ngayonmapapatotohananang re-yalidadngbuhay. Lucky numbers at color for the day ang 54, 36, 49, 12, 33 at magenta red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Sabay-sabayang opportunity ngayon. Masaya kasabawatrebelasyonsa love life. Best wishes! Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 13, 31 at electric blue.

## DOT launches 5-year dev't plan for tourism professionals

MANILA – The Department of Tourism (DOT) has crafted a five-year plan to develop competent and world-class Filipino tourism professionals.

Launched on May 28, the Philippine Tourism Human Capital Development Plan (PTHCD) for 2021-2025 seeks to ensure the steady supply of trained manpower and to address challenges facing tourism human capital development.

"We aim to develop competent, world-class Filipino tourism professionals through a harmonized education system and strong tourism industry linkages and collaboration. Together, these factors will lead us toward attaining sustainable and inclusive national socio-economic development," Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat said.

In the previous months, DOT conducted a national consultation, situational analysis, and focus group discussions across the country with participants from different tourism industry sub-sectors, local government units, government agencies and the academe.

The discussions covered education tourism as a tourism product offering, industry linkages and partnerships, research and innovation, standards review and development, implementation of the Asean Mutual Recognition Arrangements for Tourism Professionals, and other programs.

The Republic Act 9593, also known as the Tourism Act of 2009, mandates the DOT to draft an industry manpower development plan every five years.

PTHCD is the continuation of the Philippine Tourism Human Resource Development Strategy and Action Plan for 2015-2020.

"In view of the challenges and opportunities brought about by the Covid-19 pandemic, this updated PTHCD comes at a most critical time. The retooling, reskilling, and upskilling of the tourism workforce will all be crucial as the industry prepares to reopen and recover, and will be among the most important steps in our journey towards the better normal," Romulo-Puyat said.

Romulo-Puyat was joined in the virtual launch by Department of Education Director Jocelyn Andaya, Technical Education and Skills Development Authority Certification Office Executive Director Maria Susan Dela Rama, Commission on Higher Education OIC-Chief Standards Development Division Aline Magalong, and Tourism Industry Board Foundation Incorporated chair Ma. Christina Aquino.




## Bakuna na gagamitin sa solidarity trial sa Pinas iaanunsiyo na ng WHO

MANILA, Philippines — Sa susunod na dalawang Linggo ay iaanunsyo na ng World Health Organization(WHO) ang bagong COVID-19 vaccine na gagamitin para sa isasagawang solidarity trial sa Pilipinas.

Sa pagdinig ng House Committee on Health sa pamumuno ni Commitetee Chairman Rep. Angelina Tan, nagbigay ng update ang project leader na si Dr. Jodor Lim ng UP-PGH.

Ayon kay Lim, bumuo na ng team na magiging in-charge sa vaccine trial na una ay gagawin sa National Capital Region.

"We are developing our standard procedures, and the WHO will release in about two weeks' time the identity of the vaccine that we will use for the trial" paliwanag ni Lim kung saan ang ikalawang klase ng bakuna na gagamitin sa trial ay maaaring tukuyin ng WHO matapos naman ang isa o dalawang buwan.

Ang bakuna na gagamitin ay nasa "undergoing studies" stage pa lamang at hindi pa nabibigyan ng emergency use authorization (EUA) sa bansa.

Layon ng gagawing WHO solidarity trial na i-evaluate ang bisa ng efficacy ng candidate vaccines sa mga RT-PCR confirmed at symptomatic cases ng COVID-19.

Ang participants sa nasabing trial ay 18-60-an-yos na hindi pa nababakunahan. Nasa 15,000 participants ang kailangan.

Kabilang sa mga nakahanda nang laboratoryo para sa WHO solida-rity trial ay ang UP-PGH, UP-National Institutes of Health, Lung Center of the Philippines at iba pa.



# Yuka Saso umukit ng kasaysayan sa U.S. Open

Magiging malaking ins-pirasyon ang tagumpay ni Fil-Japanese golfing sensation Yuka Saso sa 76th US Women's Open para sa mga national athletes na lalahok sa 2021 Olympic Games at sa 31st Southeast Asian Games.

Tinalo ni Saso si Nasa Hataoka ng Japan sa kanilang playoff para sikwatin ang titulo ng US Women's Open sa The Olympic Club sa San Francisco, California.



Yuka Saso Unang pilipinong nanalo ng major tournament

Ipinasok ng 2018 Asian Games double gold meda-list ang isang 10-foot birdie sa ikatlong playoff hole para ungusan si Hataoka at maging kauna-unahang Pinoy golfer na nagwagi sa isang major tournament kagaya ng US Open.

"I don't know what's happening in the Philippines right now, but I'm just thankful that there's so many people in the Philippines cheering for me," wika ni Saso, isang two-time PSA Athlete of the Year awardee at dalawang beses nanalo sa Japan tour.

Bukod sa US$1 million (halos P48 milyon) paycheck ay tumanggap din si Saso ng isang five-year exemption sa LPGA

Kinailangan ni Saso na bumangon mula sa naunang double bogeys para pumalo ng two-over par 73 sa final round at lampasan si Lexi Thompson patungo sa kanilang playoff ni Hataoka.

Nakiisa rin si Sen. Bong Go, ang chairman ng Senate Committee on Sports, sa mga bumati kay Saso.

"She is the first Filipino to win a major golf competition. At the young age of 19, she brings hope and inspiration to many of our young countrymen and women," wika ni Go. "Nagpapasalamat ako at humahanga kay Yuka sa kanyang galing at patuloy na pagbibigay ng karangalan sa ating bansa."

Kumpiyansa rin ang Senador na may mga atleta ring mananalo sa 2021 Tokyo Olympics at sa Vietnam SEA Games.

# 68 KASO NG TYPHOID FEVER, NAITALA SA CALABARZON

Nasa 68 na kaso ng typhoid fever ang naitala sa Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Region mula Enero 1, 2021 hanggang Mayo 29, 2021, ayon sa Department of Health (DOH).

Dahilan upang patuloy na paalalahanan ng tanggapan ng ang mga residente na magsanay ng personal na kalinisan.

Naitala ng lalawigan ng Laguna ang pinakamataas na insidente ng typhoid fever na may 30 kaso kasunod ang Cavite na may 26, Rizal na may anim at Batangas na may isa.

Bagaman mas mababa ang bilang sa naging kaso noong nakaraang taon ayon sa Regional Epidemiology at Surveillance Unit, kinakailangan pa rin umanong mag-ingat upang maiwasan ang nakamamatay na sakit.

Sinabi ni Kimberly Cu, DOH-Calabarzon regional medical technologist, na karaniwan ang typhoid fever sa mga lugar na hindi maganda ang "hygiene", sanitation at kawalan ng ligtas na mapagkukunan ng inuming tubig. "If you are unsure of the quality of the water, especially those taken from deep wells, which are untreated, it is best to boil it for at least 2 minutes to kill bacteria," aniya.

"Also avoid eating unsanitary street-vended food as they are commonly exposed to insects and various environmental elements. When eating raw fruit and vegetables, wash them thoroughly with clean water," pahayag ni Cu.

"If a member of the family is suffering from any of the symptoms mentioned, you must bring the person immediately to the nearest hospital for immediate treatment," dagdag pa niya. She added, "The only effective treatment for the illness is antibiotics such as ciprofloxacin (for non-pregnant adults) and ceftriaxone for pregnant patients. Give them plenty of water to rehydrate."


PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

In God We Trust

VOL. 20 NO. 15 JUNE 7 - 13, 2021 10.00


# Bong Go urges LGUs to bring vaccines directly to constituents

By OSBG

PASAY CITY, June 7 -- Senator Christopher "Bong" Go appealed to local government units and authorities in charge of the vaccine rollout to bring vaccines directly to constituents who are part of the priority groups to be inoculated.

"Sa mga LGUs, paigtingin pa natin ang pagbabakuna. Dapat 'di magtagal ang stocks sa inyo. Marami nang gustong magpabakuna pero naghihintay. Nagagalit na ang iba. Pabilisin natin ang sistema para pag-distribute ng bakuna, maiturok na agad sa dapat maturukan," he appealed.

He stressed that time is of the essence and all necessary steps must be taken to ensure that those in the A1-A3 categories are vaccinated immediately so that the rollout can proceed to other priority sectors in line with the goal of reaching herd immunity in communities.

"Dagdagan po natin ang ating vaccination sites para kahit saang sulok ng komunidad ay makaabot ang bakuna. Kung kailangang puntahan mismo sa mga bahay ang mga matatanda at mga may comorbidities ay gawin na dapat agad," he urged.

"Huwag tayo magkumpyansa sa kung ano na ang ginagawa ngayon. Paigtingin pa natin lalo upang mas mabilis nating marating ang herd immunity sa ating community at tuluyang matigil na ang sakit na COVID-19," he added.

Go then called on local leaders, in coordination with the national government, to strengthen their local vaccination rollout and vaccine education awareness campaigns to further encourage their constituents to get inoculated.

"Huwag natin sayangin ang oportunidad na makapagligtas ng buhay gamit ang bakunang nasa atin. Bawat oras na masayang ay buhay ang kapalit. Kaya ni isang bakuna ay hindi dapat masayang," he stressed.

Meanwhile, Go encouraged senior citizens and other priority groups to get vaccinated as soon as possible to ensure the utilization of vaccines available and to fast-track the expansion of the national COVID-19 vaccination program.

"Hinihikayat ko po ang ating senior citizens at ibang priority groups na magpabakuna na. Huwag po kayong matakot sa bakuna, matakot po kayo sa COVID-19. Ang bakuna po ang tanging solusyon upang makabalik tayo sa ating normal na pamumuhay," said Go.



Senator Christopher "Bong" Go appealed to local government units and authorities in charge of the vaccine rollout to bring vaccines directly to constituents who are part of the priority groups to be inoculated. Photo by OSBG.

"Prayoridad po nating mabakunahan ang ating mga kababayan na 40 years old pataas dahil dito maraming case load at 'yung mga matatanda ang delikado sa sakit na ito," he added.

As Chair of the Senate Committee on Health, Go

(SEE PAGE 6)